Advisory Blg. 021, s. 2020
Pebrero 10, 2020
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## IKA-48 PAMBANSANG SEMINAR GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng Ika-48 Pambansang Seminar Gawaing-Kapulungan sa Filipino na may temang, PASATAF: Kaisa ng Gurong Filipino sa Pagtugon sa Hamon at Krisis ng Pagtuturo ng Filipino sa Patuloy na Nagbabagong Mundo, na gaganapin sa ika-13 hanggang 17 ng Abril 2020 sa Baguio *Teachers Camp*, Lungsod Baguio.

Ang layunin ng seminar ay ang mga sumusunod:

1. malinang ang kulturang pang-edukasyon bilang tugon sa progresibong hamon ng panahon na kinakaharap ng kasalukuyang sistema ng edukasyon;
2. magamit sa aktwal na pagtuturo ang mga napapanahong estratehiya sa K to 12 tungo sa may kalidad na edukasyon;
3. maiangat ang sigasig/hikayat sa pagtuturo sa pamamagitan ng proaktibong pagpapaunlad ng K to 12 Kurikulum; at
4. makapag-eksibit ng mga saliksik sa Filipino na magsisilbing kasangkapan sa pagpapaunlad ng kurikulum.

Ang inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika at edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd, panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga guro sa elementarya at sekundarya na pang-estado at pribado, at mga bagong kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika sa edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar, at dalubwika.

Para sa mga karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Elpidia B. Bergado EdD
  Pangulo, Pambansang Samahan ng mga Tagamasid
  at Tagapagtaguyod sa Filipino
  Room 35, Unit 3585, MRB Building
  Commonwealth Avenue, Quezon City
  Mobile: 0917-859-0847, 0977-852-7402, 0927-858-3868

- Viola S. Esparagoza
  Kalihim, PASATAF
  Mobile: 0922-207-4102